

1

Pasado alas doce na ng hatinggabi nang makarating si Nathan sa tagpi-tagpi nilang bahay sa sulok ng nag-iisang squatter's area ng San Rafael. Bugbog ang kanyang katawan, kagagaling lang niya sa isang underground fight tournament sa lumang gym sa bayan. Tuwing Biyernes ay pumupunta siya roon upang makipaglaban sa sinumang itatapat sa kanya.

Kapag panalo siya, pinakamaliit na ang isang libo sa naidaragdag niya sa perang iniipon. Wala pa siyang pinagsasabihan, pero plano niyang makalipat sila ng ina sa isang maayos na bahay na malayo sa mabahong lugar na iyon na hindi pa rin niya makasanayan. Napailing siya at marahang inilapat ang kalawanging sangga na nagsilbing pinto nilang mag-ina.

Nagtungo siya sa kusina at sumalok ng malamig na tubig sa banga gamit ang panabo. Direkta siyang uminom mula roon. Napapikit siya nang mapatid ang uhaw at dahan-dahang napangiti sa kabila ng pagkirot ng mukha.

Ilang suntok din ang natamo niya kanina galing sa kalabang si Roger Delgado. Anak ito ng mayor sa kanilang bayan. Ang alkalde ang may-ari ng gym na pinagdarausan ng tournament, at sa pamilya ng mga ito nagsisilbi ang kanyang ina.

Si Roger ang kampeon sa mga lumalaban na kasing-edad

nila at siya ang unang nakatalo rito. Dahil doon malaki-laki ang perang naiuwi niya. Sapat iyon upang makalipat sila ng bahay na mag-ina.

Tinalunton niya ang dalawang baitang na hagdan patungo sa nag-iisang kuwarto ng maliit na bahay. Naroon ang ina at mahimbing na natutulog sa papag. Napuno ang puso niya ng pagkahabag sa hitsura nito. Nakatagilid ito, yakap-yakap ng payat nitong mga braso ang lumang unan. Suot pa rin nito ang damit na ibinihis nang magpunta sa mansion ng mga Delgado kung saan ito namamasukan bilang katulong. Buong araw ito roon at gabi na kung umuwi.

Napakalayo ng anyo nito ngayon sa maringal nitong hitsura noon, noong karaniwan lamang dito ang magagarang damit at hindi pa sila kinakapos sa pera.

Pinakatitigan niya ang hapis ngunit maamong mukha ng ina.

“Dad, why do we have to keep coming back here? We’re fine at home, and traveling exhausts me,” reklamo ng batang si Nate.

Nasa Pilipinas sila, sa bahay ng mommy niya. Nagkakaroon lamang doon ng tao kapag umuuwi sila galing sa Amerika. Spring break ni Nate mula sa school, sa susunod na pasukan ay nasa sixth grade na siya.

Nababagot siya sa regular nilang pag-uwi sa Pilipinas. Masyadong mainit ang klima para sa kanya at ayaw niya sa amoy na nanggagaling sa squatter’s area na hindi maiwasang madaanan

nila.

Nagkatinginan ang mag-asawa.

“Nate, this is your mom’s country, so you should learn to love it,” mahinahong sabi ni Nathaniel, ang Irish-American niyang ama. “I love the Philippines. I like the weather here. The people are pretty and nice, just look at your mom.” His father grinned playfully at sumubo ng beef steak na specialty ng asawa.

“I’m sorry, Mommy, but the place stinks, really.” Nate wrinkled his nose.

Dahil pagod sa biyahe, maaga silang nagpahinga. Nagising lang siya nang marinig ang malakas na kalabog na nagmumula sa living room sa ibaba.

“Mommy!” malakas niyang tawag, nakadama ng takot. Walang sagot.

Nakarinig ulit siya ng malakas na kalampag, ngunit sa itaas na palapag na iyon nanggagaling. Mabilis siyang bumangon at tinakbo ang kuwarto ng mga magulang. Binuksan niya ang pinto at nagimbal sa nakita. Ang mommy niya ay hawak-hawak ng isang malaking lalaking naka-bonnet. Sinasanggahan ng palad ng lalaki ang bibig ni Helen. Namimilog naman ang mga mata ng ina na nakatitig sa kanya.

Ang amang si Nathaniel ay walang malay na nakahandusay sa sahig. May dalawa pang kasamahan ang lalaki, hinahalungkat

ng mga iyon ang mga bagahe nila, mga gamit na hindi pa halos naaalís mula sa pagkakaempake.

“W-what are you doing?” tanong niya, nakatayo sa entrada ng pinto.

Mabilis siyang nilapitan ng isa sa mga kawatan. Kinaladkad siya nito papasok sa silid at isinara ang pinto. “Ano’ng gagawin natin dito, Boss?” tanong nito sa lalaking may hawak kay Helen.

“Itali mo ang mga kamay niyan, at bilisan n’yo ang paghahalungkat. Kunin n’yo lahat ng mga maaari nating pakinabangan, alahas at pera. Huwag ninyong kalilimutan ang mga wallet, tiyak na matataba ang mga iyon. Kadarating lang ’ata ng mga ’to galing abroad.”

“Let go of me, you smelly jerk!” Nagpumiglas siya ngunit walang laban ang maliit niyang katawan sa malaking lalaking nagtatali sa mga kamay niya sa kanyang likuran.

“Mommy!” paghingi niya ng saklolo, ngunit ito man ay hindi rin makagalaw sa higpit ng pagkakahawak dito ng lalaking tinawag na ‘boss’.

Nabuhayan siya ng loob nang makita ang paggalaw ng ama. Bigla itong bumangon upang sugurin ang isa sa mga lalaki. Napatumba ng daddy niya ang isa sa tatlo, pero inatake ito ng lalaking naggapos sa kanya matapos siyang ipaubaya sa pinuno. Kinagat niya ang kamay ng ‘boss’ ng mga magnanakaw. Napamura ito sa sakit at pabalya siyang itinulak sa sahig. Agad siyang

dinaluhan ng takot na takot na ina. Nang makita ni Helen ang dugong tumulo sa kanyang sentido dahil sa pagtama ng ulo niya sa sahig ay galit nitong sinugod ang lalaki.

Parang slow motion sa makapigil-hiningang pelikula ang nangyari. Kumislap ang kutsilyo ng lalaki nang tumama roon ang ilaw sa silid at mula sa ere ay bumaon iyon sa dibdib ng kanyang ina.

“Mommy!” buong lakas niyang sigaw na ikinalingon ng ama.

Agad na ibinalya ni Nathaniel ang lalaking sinusuntok pagkatapos ay hinablot ang lampshade sa lamesa. Ibinato iyon ng daddy niya sa lalaking sumaksak sa kanyang ina. Isinangga ng lalaki ang braso at durog na kumalat sa sahig ang nagkapirapirasong lampshade.

Pero nakabangon na muli ang dalawa pang lalaki, hinawakan ng mga ito si Nathaniel sa magkabilang bisig. Kitang-kita niya nang walang-awang undayan ito ng saksak sa tiyan ng lider ng grupo. Ilang beses pa iyong inulit ng malaking lalaki hanggang sa tuluyang mawalan ng buhay ang katawan ng kawawa niyang ama.

“Andiyan ka na pala, Nathan.”

Nagbalik ang isip niya sa kasalukuyan nang makitang bumangon ang ina mula sa pagkakahiga. Nagpasalamat siya at gasera lamang ang nakasindi. Hindi nito nahalata ang putok niyang labi at nangingitim na mata. Naikubli rin ng dilim ang poot na lumarawan sa mukha niya nang maalala ang nangyari

may limang taon na ang nakararaan.

“Kadarating ko lang, ’My, did I wake you?”

Umiling ito. “Halika na at mahiga, bakit ka ba ginabi?” pagkuwa’y tanong nito at ang kaninang yakap na unan ay inilagay sa ulunan sa tabi nito upang doon siya umulo.

Ibinalik niya rito ang unan at ginamit na lamang ang sariling braso.

“Napadaan lang sa barkada,” sagot niya. Tumagilid siya bago muli nagsalita. “Mommy, gusto ko bukas magpaalam na kayo sa pinagtatrabahuan n’yo, aalis na tayo sa lugar na ito.”

Hindi niya ito nilingon nang maramdaman niya ang titig nito sa kanyang likod. “At saan naman tayo pupunta?”

“May nakita na ho akong maliit na bahay sa kabilang bayan, at may naipon din akong pera para makapagsimula tayo roon. Hindi n’yo na kailangang mamasukan pa sa mga Delgado.” Napilitan siyang bumaling dito.

“Saan ka kukuha ng pera? Paano ang pag-aaral mo?” magkasunod nitong tanong.

“Hindi ko ginamit ang pang-enroll na binigay n’yo sa akin n’ung pasukan, ’My, inipon ko na lang iyon pati iyong baon na iniaabot n’yo. Idinagdag ko d’un sa kinikita ko sa talyer ni Mang Andoy.”

“Hindi ka pumapasok sa kolehiyo?” Nanuwid ang likod ng ina, nagbabadya ang galit sa nanlalalim na mga mata nito.

Humigop muna siya ng hangin bago bumangon at hinawakan ang braso ng ina. “Huwag na kayong magalit, Mommy. Pangako, sa susunod na taon ay papasok na ako. Pagkalipat natin ay mag-iipon ho agad ako para sa pangmatrikula. Iyong perang meron ako ngayon, tama lang para makarenta tayo ng bahay at makapagpundar ng isang maliit na tindahan para sa inyo.”

Naluluhang napayuko ito. “Napakabata mo pa para sa mga responsibilidad na ito, Nathan. Kung hindi lang sana namatay si Nathaniel,” hiras nitong pahayag. “Kung nakapag-aral sana ako ay hindi tayo maghihirap ng ganito. Ang perang naiwan ng ama mo para sa atin ay hindi ko man lang napagkasya upang makabalik tayo sa bahay natin sa Amerika. Dahil sa kamangmangan ko ay nawalan ka ng magandang kinabukasan.”

Nanikip ang lalamunan niya nang umiyak ito. “Matagal na ’yun, ’My. Ginamit natin ang pera sa pagpapagamot n’yo, at sa pagpapalaki n’yo sa akin. Iyong napagbentahan ng bahay natin dito ay inilaan n’yo sa pag-aaral ko. Kaya huwag ninyong sisihin ang sarili n’yo. Ang importante ay makaalis na tayo sa lugar na ’to at makapagsimula ulit ng bago. Ano ba naman ang isang taon kong pagtigil sa pag-aaral kung para naman iyon sa mas magandang buhay para sa atin?”

Niyakap siya nito. “Salamat, Anak. Alam ko kung anong paghihirap ang dinaanan mo para lang masanay sa ganitong

lugar.”

Niyakap niya rin ito. “Hindi ko makakaya rito kung wala ka, Mommy.”

Pagkaraa’y kumalas siya rito at kinuha ang lata ng ice cream sa likod ng kahon na lagayan ng iilang piraso niyang damit. Inilagay niya iyon sa pagitan nilang mag-ina. Kinuha niya ang sampung libo sa bulsa at isinama iyon sa may labinlimang libong piso rin niyang ipon.

“Paano ka nakakuha ng ganito karaming pera?” gulat nitong tanong.

“Nagtatrabaho ako, ’My,” paiwas na sagot niya.

Kumikislap ang mga matang muli siyang niyakap ng ina. “Bukas na bukas din ay magpapaalam na ako kay Mayor.”

Napangiti na rin siya. Nasa ganoon silang posisyon nang marinig ang ingay sa ibaba, parang may sumipa pabukas ng pintuan nila. Agad niyang pinakawalan ang ina at mabilis na itinago ang pera pabalik sa kinalalagyan niyon. Sumilip siya mula sa pinto ng kuwarto. Nagulat siya nang makita si Roger na may kasamang mga pulis. Binuhay ng mga ito ang ilaw nang makapasok sa bahay.

“Ano’ng ginagawa n’yo dito?” matigas niyang bungad sa mga ito nang makalabas ng silid.

“Ah, ’andito ka pala.” Napatingin si Roger sa bandang likuran

niya. “Magandang gabi ho, Aling Helen, pasensya na at naistorbo ’ata namin kayo,” anito.

“Ano’ng nangyari sa mukha mo, Roger?” gulat na tanong ni Helen sa anak ng amo. May bahid ng dugo ang karakas ng lalaki.

“Bakit hindi n’yo ho tanungin ang magaling ninyong anak?”

“Nathan, ano’ng sinasabi niya?” Lumapit ang ina sa kanya. Natutop nito ang bibig nang makita ang mga pasa niya sa mukha.

“May reklamo ho si Roger Delgado. Binugbog diumano siya ng iyong anak at ninakaw ang perang dala niya.”

“Gago ka, Roger! Alam mong hindi totoo ’yan!” bulalas niya.

Magsabi man siya ng totoo tungkol sa mga pasa nila ay huhulihin pa rin siya ng mga pulis. Ilegal ang tournament. Walang sabit si Roger dahil hawak ng ama nito ang batas sa kanilang lugar.

Nagkibit-balikat si Roger. “Pakihalughog na lang ng bahay. Mahigit sampung libo ang nawala sa akin nang sapilitan niyang kunin ang laman ng wallet ko. ’Yan ay matapos niya akong bugbugin.”

“Hindi magagawa ng anak ko ’yan!” pagtatanggol sa kanya ng ina, pero nilagpasan lang ito ng dalawang pulis na nagsimulang halungkatin ang mga gamit nila.

Tumango-tango si Roger at nginitian si Helen. “Mahirap ho talagang tanggapin ang ganitong balita, Aling Helen. Pero

hayaan n'yo na, kapag walang nakitang pera ay aalis kami dito na parang walang nangyari.”

Nakakuyom ang palad, halos lumabas ang apoy sa luntian niyang mga mata habang nakatitig kay Roger. Gusto niya itong sugurin at muling patumbahin dahil sa ginagawa nito pero hindi niya iyon magagawa nang di nagkakagulo.

“Andito!”

Sabay-sabay silang napaligon sa pulis na lumabas ng kuwarto at bitbit ang lalagyan niya ng pera.

“Ipon ko 'yan sa pamamasukan ko!” agad niyang protesta at tinangkang kunin ang lata pero mabilis siyang hinawakan ng isang pulis.

“Sa presinto ka na magpaliwanag.”

“Bitawan n'yo ang anak ko, hindi niya magagawa ang ibinibintang n'yo!” Agad na sinugod ng ina ang pulis na may hawak sa kanya pero nahagip ito ni Roger.

“Shh... huwag kang mag-alala, magkakaroon ng patas na laban ang bastardo mong anak!” Saka ito ngumisi at ibinalya sa sahig ang mommy niya na napatutop sa dibdib.

Ilang operasyon ang isinagawa rito dahil sa saksak na natamo noon at mahigpit na ibinilin ng doktor na hindi dapat ito nabibigla o nai-stress. Nagdilim ang paningin niya at inisang hakbang si Roger. Inubos niya ang lakas nang undayan ito ng

suntok na direktang tumama sa ilong nito. Agad itong natumba. Nakita niya ang inang hindi pa rin nakakabawi at tila hirap huminga.

“My, dadalhin kita sa hospital.” Bago pa man niya ito naitayo ay hinablot na siya ng pulis.

“Wala kang dadalhin sa ospital. Sasama ka sa amin sa presinto,” mayabang na pakli ng pulis.

Pumalag siya at binigwasan sa sikmura ang may hawak sa kanya. Tinadyakan niya sa tagiliran ang papalapit nitong kasamahan. Di pa nakuntento ay muli niyang binigyan ng tig-isang suntok ang mga ito. Halatang hindi napaghandaan ng mga ito ang pagsugod na ginawa niya.

Sunod niyang nakita ay nakatayo na ang ina. Nagulat siya nang bigla itong tumakbo palapit sa kanya at kasabay ng malakas na putok na halos bumingi sa kanya ay ang tila dahan-dahan nitong pagbagsak sa sahig.

“Mommy!” he exclaimed in shock at mabilis itong dinaluhan. Her eyes were trying to focus on him. Habol nito ang hininga. Her lips were turning gray. She was running out of air...

Naulinigan niya ang sirena ng pulis, palapit ang tunog sa bahay nila.

“Go, Nathan... I’m not going to live long. Get the life you want,” mahinang saad ng ina.

Napakabilis ng mga pangyayari. Sinalo nito ang balang tatama sana sa kanya. Tumama iyon sa batok nito. She was instantly paralyzed. Nangingilid ang luha at nanginginig ang kamay na hinaplos niya ang mukha nito. Dahan-dahang pumikit ang mga mata ng mommy niya. He felt it when his mother breathed her last.

Madilim ang mukha na tumayo siya at matalim na tiningnan ang pulis na nakabaryl dito. Nang makita ang nagbabaga niyang titig ay iniumang nitong muli ang baril sa kanya. Sa galit na nararamdaman ay nagawa niyang lapitan ito at walang-hirap na agawan ng baril. Buong-lakas na ipinalo niya sa noo nito ang handle ng baril. Agad na umagos ang dugo sa ulo nito.

Narinig niyang ikinasa ng kasama nitong pulis ang sariling baril. Mabilis niya itong tinadyakan at sinipa papalayo ang armas nito. Tiim-bagang na hinampas niya rin ng baril ang ulo nito at humandusay ito sa sahig.

He was worse than a bull that saw red, he didn't give a shit that he had just assaulted two officers. Mabilis niyang kinuha ang wallet ng wala pa ring malay na si Roger at inilagay roon ang perang nasa lata na dala-dala kanina ng pulis.

Pagkuwa'y halos mapahagulgol na lumuhod siya sa tabi ng ina. Nagsisimula nang manlamig ang katawan nitong kanina lang ay yakap niya.

“Mommy...” He could feel his lips shaking in controlled sobs.

Hinalikan niya ito habang mariing nakapikit na tila ba maaalis niyon ang sakit na nakadagan sa kanyang dibdib.

“Forgive me if I have to leave you this way, 'My,” he choked. “I will miss you. Tell Dad I'm fine, tell him I'll be fine.” Halos mapugto ang sarili niyang hininga sa pagpipigil na umiyak habang mabilis niyang sininop ang ilang personal na gamit at ang mga papeles na iningatan ng ina.

Di nagtagal ay tumatakas na siya mula sa malupit na lugar na iyon. Ang tanging nais niya ay kalimutan ang limang taong bangungot na inilagi niya sa Pilipinas.